

Para sa mga Employer sa Santa Clara County at mga Administrador ng Paaralan\*:

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa lalo na sa panahon ngayon upang matulungan ang ating komunidad na manatiling ligtas at ipabuti ang ekonomiya. Talagang pinahahalagahan namin ang lahat ng inyong mga pagsisikap na i-adjust ang inyong mga negosyo, paaralan, at pang-araw-araw na buhay upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 at para makaligtas ng maraming buhay. Partikular na ang inyong mga pagsisikap upang matiyak na ang inyong mga empleyado at estudyante ay nasa maayos na kalagayan at hindi nanganganib na magkalat ng COVID-19 sa iba ay may malaking epekto sa kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad.

### **Pagbubukod mula sa Trabaho o Paaralan**

Ayon sa mga patakaran ng Sentro ng Pag-kontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC) at Santa Clara County, ang mga taong nasuring positibo para sa COVID-19 o nakilala bilang isang taong nakipagsalamuha ng malapitan sa isang nakumpirmang kaso sa kanilang nakakahawang panahon ay tuturuan na magbukod ng mag-isa sa tahanan ng ilang araw at **hindi dapat** pumunta sa trabaho o paaralan.

Ang mga indibidwal na nasuring positibo para sa COVID-19 ay maaaring magbigay ng nakasulat na dokumentasyon ng kanilang positibong resulta mula sa pagsusuri ng laboratoryo at isang kopya ng isulat na ito upang ipahiwatig ang kanilang pangangailangan para sa pagbubukod mula sa trabaho o paaralan habang sa kanilang panahon ng pagbubukod ng mag-isa. Hindi lahat ng mga empleyado o estudyante na nasuring positibo o nakipagsalamuha ng malapitan sa isang kaso ay maaaring magbigay ng sulat na mula sa isang doktor o nars. Hinihikayat kayo na magbigay ng sick leave, pati na rin ang telework, distansiyang pag-aaral, at iba pang mga tulong na walang indibidwal na dokumentasyon mula sa isang doktor o nars kung naisiwalat ng isang empleyado o estudyante na sila ay inutusan na magbukod na mag-isa o mag-kuwarantina.

### **Mga Pamantayan sa Pagbabalik sa Trabaho o Paaralan**

Ang sulat na ito ay nagpapaalala sa inyo na ayon sa mga Sentro sa Pag-kontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC), **ang mga indibidwal na nagkaroon ng COVID-19 ay itinuturing na hindi na nakakahawa at maaaring ng bumalik sa trabaho o paaralan kung:**

- **hindi bababa sa 10 araw na ng nagsimula ang kanilang mga sintomas,**
- **bumuti na ang kanilang mga sintomas,**
- **AT hindi bababa sa 72 oras na ang lumipas mula sa kanilang huling lagnat na hindi gumagamit ng mga gamot na nagpapabawas sa lagnat.**

Kung ang indibidwal ay hindi kailanman nagkaroon ng mga sintomas at hindi nasuring positibo para sa COVID-19 na virus, itinuturing silang hindi na nakakahawa at maaari ng bumalik sa trabaho o paaralan pagkalipas ng 10 araw mula ng nakolekta ang kanilang positibong pagsusuri.

Kung sila ay nakipagsalamuha ng malapitan sa isang taong nasuring positibo para sa COVID-19, maaari silang bumalik sa trabaho o paaralan kung hindi bababa sa 14 na araw na ang

**Agosto 18, 2020**

lumipas mula sa kanilang huling pagkakalantad sa positibong kaso. Para sa karagdagang mga detalye, bisitahin ang [www.sccstayhome.org](http://www.sccstayhome.org).

\*Hindi naaangkop sa mga ospital, klinika, o mga pasilidad ng skilled nursing. Ang mga karagdagang lokasyon ng trabaho na may natatanging mga patakaran sa pagbabalik sa trabaho ay maaaring matagpuan dito: <https://www.sccgov.org/sites/phd-p/Diseases/novel-coronavirus/Documents/Home-Isolation-Quarantine-Guidelines.pdf>

## Mga Medikal na Sulat at Pagpapaliwanag

Parehong Sentro sa Pag-kontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC) at ang Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County (PHD) **ay hindi humihikayat sa mga employer at mga paaralan na humiling ng isang medikal na sulat para sa pagpapaliwanag na pwede ng bumalik sa trabaho o paaralan ang isang indibidwal na nagka- COVID-19.** Ang mga sulat na ito ay lumilikha ng mga hindi kinakailangang paghihirap para sa mga empleyado at estudyante at maging sanhi ng stress sa sistema ng healthcare para makabuo ng mga sulat na ito. Ang mga empleyado ay itinuturing na hindi na nakakahawa kapag natugunan na nila ang mga pamantayan na inilarawan sa itaas.

Bilang karagdagan, ayon sa CDC at PHD, **hindi dapat hilingin ng mga employer at paaralan sa mga indibidwal na nasuri na may virus ng COVID-19 na magbigay ng patunay ng mga negatibong pagsusuri sa virus ng COVID-19 bago pahintulutan silang bumalik sa trabaho o paaralan.** Ang ganitong mga kahilingan para sa patunay ng negatibong mga pagsusuri sa virus ng COVID-19 pagkatapos ng pagsusuri na may COVID-19 ay hindi kinakailangan, inaantala ang pagbalik sa trabaho o paaralan, at maging sanhi ng hirap sa pagkakaroon ng pagsusuri para sa ibang tao na kailangang magpasuri. Ang mga empleyado at estudyante ay itinuturing na hindi na nakakahawa at maaaring bumalik sa trabaho o paaralan kapag nakamit nila ang mga pamantayan na inilarawan sa itaas.

Ang inyong empleyado o estudyante na nagkaroon, o nakipagsalamuha ng malapitan sa isang taong nagkaroon ng COVID-19 ay maaaring mag-print nitong sulat upang 1) magpahiwatig ang pangangailangan sa pagbubukod ng mag-isa o mag-kuwarantina kung may kasamang positibong resulta ng pagsusuri o may pasalitang pagpapahayag ng pagkakalantad, 2) magpakita ng patunay na maaari na silang bumalik sa trabaho o paaralan hangga't natutugunan nila ang mga pamantayan sa itaas (para sa mga detalye pumunta sa [www.sccstayhome.org](http://www.sccstayhome.org)), at/o 3) magpakita ng patunay na ang mga employer at paaralan ay hindi dapat humiling ng patunay ng negatibong pagsusuri ng COVID-19 sa virus bago bumalik sa trabaho o paaralan. Itong sulat ay matatagpuan sa <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Documents/COVID-19-Work-School-Letter.pdf>.

### Karagdagang mga Mapagkukunan:

- Pangkalahatang Impormasyon ng County ng Santa Clara para sa pagbukod ng mag-isa sa bahay at pag-kuwarantina: <https://www.sccstayhome.org>
- Ano ang Dapat Gawin Kapag May Nasuring Positibo sa COVID-19 sa Isang Lugar ng Trabaho: <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Pages/business-guidance.aspx#employee>
- Pangkalahatang Impormasyon ng County ng Santa Clara para sa mga employer: <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Pages/business-guidance.aspx>
- Pangkalahatang patnubay ng Santa Clara County para sa mga paaralan: <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Pages/school-guidance.aspx>

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa upang mapanatiling malusog ang ating komunidad.

Agosto 18, 2020